

Kabisaan ng mga Piling Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Maunawang Pagbasa: Batayan Para sa Pagbuo ng Lesson Plan Exemplar

Angelyn J. Gimoto

<https://orcid.org/0009-0005-8599-0334>

Angelyngimoto1@Gmail.Com

Philippine Christian University, Manila, Philippines
Matalam High School, Matalam, Cotabato, Philippines

Abstract

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang bisa ng mga estratehiya sa pagtuturo, partikular ang pag uugnay, paglalarawan sa isipan, pagbubuod, at pagtatanong, sa pagpapabuti ng maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa Epikong Biag ni Lam-ang sa Baitang 7. Layunin ng pag-aaral na suriin ang epekto ng mga estratehiyang ito sa pag-unawa ng mga mag-aaral at magmungkahi ng isang lesson plan exemplar na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng kanilang pag-unawa sa nasabing epiko. Gumamit ang pag-aaral ng quasi-experimental na disenyo, kung saan kalahok ang 200 mag-aaral mula sa Baitang 7 ng Mataas na Paaralan ng Matalam. Ang mga kalahok ay sinuri gamit ang isang questionnaire na nahahati sa tatlong bahagi: mga katangian ng estudyante, mga tanong sa pre-test at post-test, at isang talatanungan para sa pagtatasa ng mga estratehiya. Tinukoy ng talatanungan ang kanilang mga tugon sa paggamit ng mga estratehiya at ang antas ng kanilang pag-unawa sa Epikong Biag ni Lam-ang. Ipinakita ng mga resulta na ang mga estratehiya sa pagtuturo tulad ng pag-uugnay, paglalarawan sa isipan, pagbubuod, at pagtatanong ay nagkaroon ng positibong epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa epiko. Ang estratehiyang 'Paglalarawan sa Isipan' ay nagpakita ng pinakamalaking pagpapaunlad mula sa pre-test hanggang post-test, na may p-value na 0.0102, na nagpapakita ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pag-unawa. Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng positibong pagbabago, na nagresulta sa isang mas mataas na antas ng pag-unawa sa post-test kumpara sa pre-test. Batay sa mga natuklasan, iminungkahi ng pag-aaral ang pagbuo ng isang lesson plan exemplar na magbibigay-diin sa aktibong pagbuo ng kaalaman gamit ang mga estratehiyang nabanggit. Ang planong ito ay naglalayong mapabuti ang antas ng maunawang pagbasa sa pamamagitan ng masusing integrasyon ng mga estratehiya na napatunayang epektibo. Ang pag-aaral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng patuloy na pagsusuri at pagpapahusay ng mga estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang mga hamon sa edukasyon at mapabuti ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 7